Republic of the Philippines
Province of Laguna
Municipality of Santa Cruz

# SANGGUNIANG BAYAN OFFICE

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG SETYEMBRE 15, 2025, LUNES, IKA-09:38 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jericho V. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECEIVED 14 OCT 2025 Santa Cruz, Laguna
SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RELEASED 14 OCT 2025 Santa Cruz, Laguna

KGG. ROSELON F. PAMATMAT Kagawad
KGG. ESMERALDO C. DE LAS ARMAS, JR. Kagawad

## KAPASIYAHAN BLG. 307-T2025

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PAGRE-REPROGRAMA NG LDRRM FUND 2025 NA MAY HALAGANG PhP489,800.00 AT SPECIAL TRUST FUND NA MAY HALAGANG PhP100,000.00 NA MAY KABUUANG HALAGANG PhP589,800.00 PARA SA KAHANDAAN SA KALAMIDAD NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SPONSOR: HON. RIZALDY N. KALAW**

**SAPAGKAT**, iniliwat sa sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 9-T2025 ng Municipal Development Council na pinagtitibay ang pagre-reprograma ng LDRRM Fund 2025 na may halagang Php489,800.00 at Special Trust Fund na may halagang Php100,000.00 na may kabuuang halagang Php589,800.00 para sa kahandaan sa kalamidad ng bayan ng Santa Cruz, Laguna;

**SAPAGKAT**, ito ay tinalakay ng mga kasapi ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Pamamahala at Pagtugon sa Sakuna ng sangguniang ito;

**SAPAGKA'T**, matapos ang masusing pag-aaral ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Pamamahala at Pagtugon sa Sakuna at sa pagsusuri sa mga proyekto, palatuntunan at iba pang mga gawaing pangkaunlaran ay napagtanto ng bumubuo sa lupon na ang mga programa na napapaloob ay tumutugon sa mga pangunahing pangangailangan ng pamahalaang bayan;

KGG. LEA A. ALMARVEZ Kagawad
KGG. RIZALDY N. KALAW Kagawad

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Norman T. Tolentino, Kgg. Lea A, Almarvez at Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang sumusunod na:

## KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 12-T2025

**KAUTUSANG NAGLALAAN ANG HALAGANG PHP489,800.00 PARA PAGRE-REPROGRAMA NG LDRRM FUND 2025 AT SPECIAL TRUST FUND NA MAY HALAGANG PHP100,000.00 NA MAY KABUUANG HALAGANG PHP589,800.00 PARA SA KAHANDAAN SA KALAMIDAD NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA**

**IPINAG-UUTOS** ng Kagalang-galang Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

**SEKSYON 1** - Ilaan ang halagang Php489,800.00 para pagre-reprograma ng LDRRM Fund 2025 at Special Trust Fund na may halagang Php100,000.00 na may kabuuang halagang Php589,800.00 para sa kahandaan sa kalamidad ng bayan ng Santa Cruz, Laguna.

KGG. NORMAN T. TOLENTINO Kagawad
KGG. LOUIE C. DE LEON Kagawad

**PROPOSED NEW PROJECT**

| PROGRAM OR PROJECT | LOCATION | AMOUNT |
|---|---|---|
| **1.PURCHASED OF (1) M500 10-12 PERSONS INFLATABLE RESCUE RUBBER BOAT SIZE: 500X195X50(CM) WITH SUZUKI OUTBOARD ENGINE DT40 (40HP)** | **LDRRM FUND** | **440,000.00** |

Karugtong ng Kapasiyahan Blg. 307-T2025 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 12-T2025



| | | |
|---|---|---|
| **2.PROCUREMENT OF PUMP MOTOR WITH SUCTION HOSE AND DUCT HOSE** | **LDRRM FUND** | **49,800.00** |
| **3. REHABILITATION/ REPAIR/RENOVATION OF SCHOOL BUILDINGS AND FACILITIES** | **SPECIAL TRUST FUND** | **100,000.00** |

**SEKSYON 2** - Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahan/ kautusang ito ang Kagalang-galang Sangguniang Panlalawigan, Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Administrador, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Pambayang Inhinyero, MDRRMO, at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTIBAY. Setyembre 15. 2025**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahan/kautusang ito.

**AMYCARLO. SANTOS**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

**KGG. AMBIEL JOHN C. PANGANIBAN**
Kagawad

**KGG. NORMAN T. TOLENTINO**
Kagawad

**KGG. LEA A. ALMARVEZ**
Kagawad

**KGG. ROSELON F. PAMATMAT**
Kagawad

**KGG. ESMERALDO C. DE LAS ARMAS, JR.**
Kagawad

**KGG. RIZALDY N. KALAW**
Kagawad

**KGG. LOUIE C. DE LEON**
Kagawad

**KGG. LAURA P. OBLIGACION**
ABC – Federation President

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. JOSEPH KRIS BENJAMIN B. AGARAO**
Punong Bayan